Mensahe ng Gobernador
Disyembre 14, 2020

Intensive na Pag-iingat sa Year-end at New Year Holiday na may Mataas na Risk ng Impeksyon

Ang prepektura ay nahaharap ngayon sa problema ng pagkalat ng impeksyon na hindi pa natin naranasan noon dahil nakita natin noong Disyembre 12 ang pinaka mataas na bilang ng mga infected, 55 katao, sa isang araw at nagkaroon din ng 29 clusters mula Nobyembre.

Kailangan nating gumawa ng mga hakbang upang maprotektahan ang buhay ng bawat isa, maiwasan ang pagbagsak ng medical care system, at maiwasan ang karagdagang pagtaas sa bilang ng mga kaso. Sa Year-end at New Year (12/15 ~ 1/12) kung saan mataas ang peligro ng pagkalat ng impeksyon, hinihiling namin na gawin ninyo ang mga sumusunod na intensive measures.

(1) Iwasan ang hindi kinakailangang paglabas-pasok ng prepektura, lalo na sa Aichi Prefecture.

- Iwasan ang pagpasyal sa ibang mga prepektura at pigilan ang “pag-uwi sa probinsiya”.
- Iwasan ang mga event na mataas ang risk ng impeksyon lalo na ang mga Christmas Party, Year-end Party, New Year Party, unang pagbisita sa temple, after-party ng Coming-of-Age Ceremony, atbp.

(2) Preventive measures sa Pagkain at Pag-inom

- Iwasan ang "pagkain at pag-inom kasama ng malaking bilang ng tao (5 o higit pang mga tao) maliban sa mga kasambahay", "pagkain at pag-inom na may alak" pagkalipas ng 9:00 ng gabi, at "pagpunta sa mga inuman at kainan na may entertainment" (kung kakain o iinom ang madalas magkasamang mga tao, gawin sa maliit na bilang ng tao)

Patuloy nating lubusan ipatupad ang mga hakbang sa pag-iwas ng impeksyon sa "All Gifu" at pagtagumpayan ang Year-end at New Year holiday.